

SAN KA PUPUNTA?


Kung mamatay ka ngayon, 100% sure ka ba na pupunta ka sa Heaven para makasama habang buhay ang Diyos?
Meron ka bang mga pagdududa or sigurado ka na?
①

# Alam mo bang...pwede kang maging 100% sure?



***Nakalagay sa Bible,***
***ang inspired na Salita ng Diyos kung papaano:***

*"At ito ang patotoo: ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan at ito'y makakamtan natin sa pamamagitan ng kanyang Anak. Kung ang Anak ng Diyos ay nasa isang tao, mayroon siyang buhay na walang hanggan; ngunit kung wala sa kanya ang Anak ng Diyos ay wala siyang buhay na walang hanggan. Isinusulat ko ito sa inyo upang malaman ninyo na kayong sumasampalataya sa Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan" (1 Juan 5:11-13)*


**Hindi based sa religion ang buhay na walang hanggan kundi sa relasyon kay Jesus Christ, ang anak ng Diyos.**

# Alam mo bang...libre na regalo ang Heaven?



***"Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito!y kaloob ng Diyos at hindi mula sa inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang maipagmamalaki ang sinuman."** (Efeso 2:8-9)*

***"Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang walang bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon."** (Roma 6:23)*



**Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos, inaalok Niya na isang libre na regalo ang buhay na walang hanggan sa iyo!**

# Alam mo bang...hindi tayo deserving mapunta sa Heaven?

**Nature ng Tao maging makasalanan.**
**Pinipili ng Tao maging makasalanan.**
**Ginagawa ng Tao kung ano ang makasalanan.**



NAKAPAGHIHIWALAY

*"Ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan sa pamamagitan ng isang tao, at ang kamatayan ay pumasok sa pamamagitan ng kasalanan. Dahil dito, lumaganap ang kamatayan sa lahat ng tao sapagkat ang lahat ay nagkasala." (Roma 5:12)*

**Dahil sa kasalanan, hindi deserving ang Tao na mapunta sa Heaven!**





*"...sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos." (Roma 3:23)*

## Alam mo bang...may penalty na dapat bayaran ang Kasalanan?

### *Dalawa ang penalty sa Kasalanan:*

**Physical na kamatayan (Paghiwalay sa tao)**
***"Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan…" (Roma 6:23)***

**Spiritual na kamatayan (Paghiwalay sa Diyos)**
***"Pagkatapos ay itinapon din sa lawa ng apoy ang Kamatayan at ang Daigdig ng mga Patay. Ang lawa ng apoy ang pangalawang kamatayan." (Pahayag 20:14)***



**TANDAAN! "Itinakda sa mga tao na minsan lamang mamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom." (Hebreo 9:27)**

## Alam mo bang...binayaran ni Jesus Christ ang penalty ng kasalanan natin?



***"Sapagkat si Cristo na walang kasalanan ay namatay nang minsan para sa inyo na mga makasalanan, upang iharap kayo sa Diyos. Siya'y pinatay sa laman, at muling binuhay sa espiritu."***
***(1 Pedro 3:18)***

**TANDAAN! Ayaw na ayaw ng Diyos sa kasalanan pero mahal Niya ang taong makasalanan!**

*"Ngunit pinatunayan ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Cristo para sa atin noong tayo'y makasalanan pa."*
*(Roma 5:8)*

## Alam mo bang...hindi ka makakapunta sa Heaven kung nagtitiwala ka sa mga ito?

*Holy Communion*
*Mga Prayers*
*Pagiging member ng church*
*Pangungumpisal*
*Penitensiya*
*Pagkukumpil*
*Baptism*
*Paggawa ng good works*
*Pagbibigay sa mga nangangailangan*
*Pagsamba sa mga rebulto*

*Sumagot si Jesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko." (Juan 14:6)*

*"…iniligtas niya tayo, hindi dahil sa ating mabubuting gawa kundi dahil sa kanyang habag sa atin. Tayo'y iniligtas niya sa pamamagitan ng Espiritu Santo na naghugas sa atin upang tayo'y ipanganak na muli at magkaroon ng bagong buhay." (Tito 3:5)*

# Alam mo bang...si Jesus Christ ang Tanging Daan papuntang Heaven?

*"May daang matuwid sa tingin ng tao, ngunit kamatayan ang dulo nito." (Mga Kawikaan 14:12)*



**Maraming pinagkakatiwalaan ang mga tao pero isa lang ang Tanging Daan papuntang Heaven!**






***"Pumasok kayo sa makipot na pintuan. Sapagkat maluwang ang pintuan at malapad ang daang papunta sa kapahamakan, at ito ang dinaraanan ng marami. Ngunit makipot ang pintuan at makitid ang daang papunta sa buhay, at kakaunti ang nakakatagpo niyon." (Mateo 7:13-14)***

## Alam mo bang...kailangan mong pagsisihan ang iyong mga kasalanan?

***Jesus* said,**

***"Ngunit sinasabi ko sa inyo, malibang magsisi kayo't talikuran ang inyong mga kasalanan, mapapahamak din kayong tulad nila."***

***(Lucas 13:3)***




### Ito ang pagsisisi:

* ***Malungkot sa mga nagawang kasalanan.***
* ***Magkaroon ng panibagong pag-iisip.***
* ***Talikuran ang kasalanan at ibigay ang sarili sa Diyos.***

**Kailangan ang pagsisisi para matanggap ang buhay na walang hanggan.**

## Alam mo bang...kailangan mong paniwalaan si Jesus Christ at tanggapin Siya?

***Subalit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos. (Juan 1:12)***

## Ang pagtanggap ang siyang totoong paniniwala!

***"Ang sumasampalataya sa Anak ng Diyos ay nagtataglay ng patotoong ito sa kanilang puso." (1 Juan 5:10)***

**Hindi enough na maniwala ka lang sa mga bagay tungkol kay Jesus. Kailangang tanggapin at paniwalaan mo Siya ng buong puso ngayon din!**

**Kailangan nating tanggapin ang ating mga paniniwala. Ito ang totoong faith na nagliligtas!**

# Alam mo bang...Ililigtas ka ni Jesus Christ? Kung...

***"Kung ipahahayag ng iyong bibig na si Jesus ay Panginoon at buong puso kang sasampalataya na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka. Sapagkat sumasampalataya ang tao sa pamamagitan ng kanyang puso at sa gayon ay itinuturing na matuwid ng Diyos. Nagpapahayag naman siya sa pamamagitan ng kanyang bibig at sa gayon ay naliligtas." (Roma 10:9-20)***

**I-recite mo ang prayer na ito KUNG ito ang nilalaman ng puso mo.**

**Dear Heavenly Father,**
**Inaamin ko na makasalanan ako; at dinedeserve ko ang hell; at hindi ko kayang iligtas ang aking sarili. Nagsisisi ako sa aking mga kasalanan at naniniwala ako na naging tao si Jesus Christ, nag-shed ng blood, namatay sa cross, nilibing at sa Third day, nabuhay muli para mapatawad ang aking mga kasalanan. Naniniwala at nagtitiwala ako sa Kanya lang at kung ano ang ginawa Niya para sa akin doon sa cross bilang kabayaran ng penalty ng aking kasalanan. Ngayon, ina-ask ko Siya na maging Savior ko, Siya ang tanging daan papuntang heaven at tinatanggap ko ang Kanyang regalong buhay na walang hanggan.**

**Thank you po. In Jesus name, AMEN.**

# Spiritual Birth Certificate

***dahil sinasabi sa kasulatan, "Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon." (Roma 10:13)***

**Dahil alam ko na makasalanan ako at kailangan ko si Lord Jesus Christ bilang Savior ko, tinatalikuran ko na ang aking mga kasalanan at pinagkakatiwalaan ko Siya para sa buhay na walang hanggan.**

**Ina-ask ko si Jesus Christ na patawarin ako, at iligtas sa power ng kasalanan at bigyan ako ng buhay na walang hanggan.**

**Binibigay ko na kay Jesus Christ ang control ng buhay ko. Mula ngayon, habang binibigyan Niya ako ng lakas, sisikapin ko na magtiwala sa Kanya at sundin Siya sa lahat ng aspeto ng buhay ko.**

***Signature:*** ______________________________ ***Date:*** _______________

# Bilang bagong Christian...

1.) I-declare si Jesus Christ in public
(Mateo 10:32-33)

2.) Sundin ang utos ni Christ na
magpa-baptize (Mateo 28:19-20)

3.) Mag-attend ng isang Bible-teaching church
kung saan makakapag-worship ka kay God
(sa spiritual na paraan at sa katotohanan) at
makakapag-fellowship kasama ang iba
pang Christians!  (Gawa 2:41-42; Hebreo 10:25)



***Kung naniwala ka sa message na ito or kung may questions ka at gusto mong mag-Bible study sa isang church na gusto kang tulungan mag-grow spiritually, invited kang umattend sa:***

**Pangalan g church:**

**Pangalan ng nag-present:**

**Email:**

**Cell phone #:**

Dear Reader,

May chance na ang ilang saglit na pagbasa nito ang maging pinaka-importanteng mga oras sa buhay mo.  Lumaki ako na active sa church; naranasan kong mamatayan ng kapamilya at mga kaibigan at nasabihan ako na walang makakasiguro kung pumunta sila sa heaven.  Pagkatapos ng ilang taong paghahanap sa katotohanan, may nakilala ako na may concern sa aking buhay at ipinakita niya mula sa Holy Bible kung papaano ko matatanggap ang buhay na walang hanggan na regalo na nagmumula lang kay Jesus Christ. Mula noong special day na yun, meron na ako ngayong personal relationship sa Kanya, ang pinaka-wonderful na tao sa buong universe.  Yun ang best day ng buhay ko!  Sigurado ako na kung mamatay man ako ngayon, Heaven ang aking home habambuhay. Sana mag-yes  ka kay Jesus Christ today.  See you sa Heaven!

Contact us:
eternallifecoaches@gmail.com

See other sites:
www.fallingplates.com
www.fatherslove letter.com